



Kahit sinong bata ay may karapatang makapag-aral! Eskwelahan ng Japan

* Tungkol sa pagpasok sa eskwelahan ng Japan, walang obligasyon sa mga dayuhan pero may karapatan.

* Ang sapolitang edukasyon sa Japan ay anim na taon sa elementarya (mula 6 na taon hanggang 12 na taon) at tatlong taon sa junior high school (mula 12 na taon hanggang 15 na taon). Ang pasukan ay nagsisimula ng Abril at natatapos ng Marso ng sumunod na taon.

Ang batang pasok sa edad ng sapolitang edukasyon ay maaaring pumasok sa paaralan kahit hindi magsulit. Ang papasok naman sa mataas na paaralan ay dapat nasa edad na kinse pataas sa ika-1 ng Abril. 1) Ang bata na nakapagtapos sa Japanese junior high school. 2) Ang batang nakapagtapos ng pag-aaral sa loob ng siyam na taon sa ibang bansa. 3) Kung nagtapos ng junior high school o tumanggap ng pagkilala na katumbas ng scholastic ability para sa junior high school maaaring maging kwalipikado ang isang bata para kumuha ng pagsusulit.

* Isinasagawa ang mga proseso para sa pagpapasok sa pampublikong paaralan sa kagawaran ng edukasyon ng siyudad o munisipalidad.

* Ang mga itinuturong aralin sa sapolitang edukasyon sa elementarya at junior high school ay itinuturo sa wikang Hapon base sa pamantayan na itinalaga ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Palakasan, Agham at Teknolohiya.

* Ang mga pampublikong paaralan sa iba't ibang rehiyon sa Japan ay mayroon ding kaunting gastusin. (ang matrikula, tuition, at gastusin sa libro ay libre. Ang gamit sa eskwela, pagkain, ekskarsyon, at iba pang gastusin ay sagutin ng magulang.

* Para sa mga batang hindi nakakaintindi ng wikang Hapon, ilang oras sa isang linggo ay may mga guro na nagtuturo ng wikang Hapon at tungkol sa buhay dito sa Japan.

* Bilang patakaran, kailangan ang sapat na edad para tanggapin sa eskwela ang isang bata.

* May mga children's club para mabigyan ng nararapat na lugar laruan at pakikipamuhay ang isang batang walang tagapangalaga sa umaga, kumonsulta po tayo sa city area government office.

* Kung liliban sa eskwela, kung uuwi sa sariling bansa kailangan kumontak po tayo sa eskwela. Kung may mga inaalala sa wika, sa pag-aaral at hindi pagpasok, kung may inaalala sa ugali at kilos ng anak kumonsulta po tayo sa guro.

Huwag sarilihin ang inaalala sa mga anak, kumonsulta po tayo sa iba!!!

Konsultahin: eskwela, siyudad at munisipalidad, kagawaran ng edukasyon sa bawat siyudad o munisipalidad o help desk para sa mga dayuhan.

Human Rights Issue and Bullying of the child: child human rights 110
[0120-007-110](tel:0120-007-110)

Konsultasyon para anak at magulang tungkol sa bata at tahanan: Bata at Tahanan 110
[077-566-4152](tel:077-566-4152)

Pagkalinga sa bata, psychosomatic disorder, abuso, konsultasyon para sa proteksyon. Central child home consultation center
[077-562-1121](tel:077-562-1121)

Hikone child home consultation center
[0749-24-3741](tel:0749-24-3741)

Foreign Language Consultation Counter: Shiga Intercultural Association for Globalization
[077-523-5646](tel:077-523-5646)

Eskwela, ito at iyon.

Round-table conference – *Kondankai* : Ito ay lugar para sa pag-uusap ng mga magulang at guro tungkol sa edukasyon ng bata.


Lunch Bag - *Kyushoku bukuro*: Ito ay sisidlan para sa chopsticks, kutsara at lunch napkin.

Plastic sheet "patungan"- *Shitajiki* : Gawa sa plastic iniipit sa notebook kapag susulat gamit ang lapis.

Dust cloth "pamunas" – *Zokin* : Tuwalyang pamunas, ginagamit ng bata kapag naglilinis.

Pagbisita sa bahay – *Katei Homon*: Bumibisita ang guro sa bahay sa simula ng bagong klase para alamin ang kondisyon ng kapaligiran at pamumuhay ng bata.

Gymnasium shoes – *Taikukan shoes*: Iba ito sa isinusuot sa loob ng silid aralan, isinusuot pang isports sa loob ng gymnasium.



Lubhang mahirap manirahan bilang dayuhan sa Japan. Lalo na sa usapin ng wika, kaugalian at estilo ng pamumuhay malaking sagabal ang mga ito sa pag-aaral. Pero medyo iba pagdating sa bata. Kayang tibagin ng kanilang maamong mukha, ngiti, pakikipaglaro at kabaitan ang pader na sagabal sa komunikasyon. Ang eskwela ay hindi lang sa pag-aaral, ito rin ay lugar ng pakikipagkapwa tao.

Ang ibig sabihin ng pagpasok sa eskwelahan ng Japan ay pagkakaroon ng kakayahan makibagay, maayos na makipamuhay sa mga tao na may respeto. Hindi ito nagbibigay kahulugan sa pagkakakilanlan, kaugalian o wika.

Mabel Colombus Limade